



UTOS BILANG 21-03 NG OPISYAL SA KALUSUGAN

UTOS NG OPISYAL SA KALUSUGAN NG COUNTY NG ALAMEDA PARA SA PAGSUSUOT NG MGA PANAKIP SA MUKHA SA MGA TRABAHO AT MGA PAMPUBLIKONG LUGAR

Pakibasa nang mabuti ang Utos na ito. Ang paglabag o hindi pagsunod sa Utos na ito ay isang maliit na kasalanan na maaaring maparusahan ng multa, pagkakabilanggo, o pareho. (Alituntunin ng California sa Kalusugan at Kaligtasan §§ 120175, 120295; Kodigo Penal ng California §§ 69, 148(a)(1))

PETSA NG PAGSISIMULA: 12:01 a.m., Agosto 3, 2021

Buod ng Utos: Inaatas ng Utos na ito sa lahat ng tao sa County ng Alameda na magsuot ng mga panakip sa mukha kapag nasa loob sa mga trabaho at pampublikong lugar, na may mga limitadong hindi kasama, at inirerekomenda nitong dapat ay may available na mga panakip sa mukha ang mga negosyo para sa mga taong papasok sa negosyo.

Background: Mula Abril 2021, umiikot na ang SARS-CoV-2 B.1.617.2 (Delta) variant sa County. Ang variant na ito ay lubhang naihahawa kapag nasa loob at kinakailangan nito ng mga estratehiya sa pag-iwas na maraming kabilang para mabawasan ang pagkalat. Kahit na mataas ang bilang ng mga nagpapabakuna, nakakaranas ang County ng mataas na antas ng transmision sa komunidad dahil sa Delta variant. Bagaman ang panganib na magkaroon ng COVID-19 ay mataas sa mga residenteng hindi nabakunahan, ang pagkakahawa ng sakit sa mga taong nakumpleto ang mga bakuna ay tumataas.

Nadagdagan din ang mga pagkakaospital, partikular sa mga taong hindi nabakunahan. Nakakakita rin ang County ng Alameda ng nakakabahalang pagtaas sa mga kaso sa mga kawani at mga residente sa mga pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga at sa iba pang setting na magkakasamang nakatira.

Ang mga bakuna para sa COVID-19 na binigyang pahintulot ng Estados Unidos ay lubhang ligtas at mabisa. Ang mga bakunang ito ay nagbibigay ng proteksyon sa mga tao at komunidad, lalo na laban sa malubhang sakit na COVID-19, pagkakaospital, at kamatayan, at inirerekomenda ang mga ito ng U.S. Centers for Disease Control and Prevention (CDC) para sa lahat ng populasyong awtorisado ng U.S. Food and Drug Administration na makatanggap ng mga ito.



Mahigpit na inirerekomenda ng Opisyal sa Kalusugan na magpabakuna ang lahat ng kwalipikadong tao sa County. Makakakuha ng mga bakuna ang lahat ng tao na mahigit sa edad na 12 taon. Ang impormasyon kung paano makakakuha ng bakuna para sa COVID-19 sa County ng Alameda ay makikita rito: <https://covid-19.acgov.org/vaccines>.

Noong Hulyo 16, 2021, habang isinasaalang-alang ang kapansin-pansing nadagdagang pagpapasa ng Delta variant, inirekomenda ng Opisyal sa Kalusugan na magsuot ng mga mask ang mga taong nakumpleto ang mga bakuna kapag nasa loob ng mga pampublikong lugar. Noong Hulyo 17, 2021, naglabas ang CDC ng in-update na patnubay para sa mga taong nakumpleto ang mga bakuna dahil sa bagong ebidensiya na ang mga nabakunahang tao na nahawaan ng Delta variant ay posibleng mas malamang na makahawa sa iba kaysa sa mga nabakunahang tao na nahawaan ng ibang uri (variant). Inirerekomenda ngayon ng CDC na ang mga taong nakumpleto ang mga bakuna – kasama ng mga hindi nabakunahan at ang mga hindi pa nakumpleto ang mga bakuna – na magsuot ng mask kapag nasa mga pampublikong lugar. Noong Hulyo 28, 2021, naglabas ang California Department of Public Health ng Patnubay para sa Paggamit ng Mga Panakip sa Mukha alinsunod sa rekomendasyon ng CDC para sa pangkalahatang pagsusuot ng mask sa buong estado kapag nasa loob ng mga pampublikong lugar. Inirerekomenda ng CDPH sa mga taong nakumpleto ang mga bakuna na magsuot ng mask kapag nasa loob ng mga pampublikong lugar, at hinihiling sa mga taong hindi nabakunahan at hindi nakumpleto ang mga bakuna na magsuot ng mask kapag nasa loob ng mga pampublikong lugar.

Ang transmisyong sa sambahayan at maliit na pagtitipon-tipon ay patuloy ding mga pangunahing dahilan ng transmisyong ng COVID-19. Inirerekomenda ng CDPH sa mga taong nakumpleto ang mga bakuna na mas mataas ang panganib na mahawaan ng malubhang COVID-19 at may ibang kasamang nakatira sa bahay na magsuot ng mask kahit nasa bahay o nasa ibang pribadong lugar. Partikular na mahalaga ang rekomendasyong ito kung ang ibang mga residente ay alinman sa hindi nabakunahan o hindi nakumpleto ang mga bakuna.

Ang pangkalahatang paggamit ng mga panakip sa mukha kapag nasa loob, kilala rin bilang pagsusuot ng mask, ay ang pinaka hindi nakakagambala at pinaka may epektong kaagad na karagdagang hakbang na dapat gawin para malimitahan ang pagkalat ng COVID-19 Delta variant. Ang Utos na ito ay bahagi ng isang estratehiya para suportahan ang patuloy na mga pagpapatakbo ng mga negosyo, aktibidad, at paaralan.

Magpapatuloy ang Opisyal sa Kalusugan na suriin ang sitwasyon ng kalusugan ng publiko habang nagbabago ito at posibleng baguhin ang Utos na ito, o maglabas ng mga karagdagang Utos, na may kaugnayan sa COVID-19, habang nagkakaroon ng mga pagbabago sa mga pangyayari.



UTOS

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG ALITUNTUNIN NG CALIFORNIA SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN SEKSYON 101040, 101085, AT 120175, INUOTOS NG OPISYAL SA KALUSUGAN NG COUNTY NG ALAMEDA (“OPISYAL SA KALUSUGAN”) NA:

1. Maliban kung itinakda dito, ang Patnubay na ibinigay noong Hunyo 28, 2021 ng CDPH (<https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/guidance-for-face-coverings.aspx>) para sa Paggamit ng Mga Panakip sa Mukha na posibleng baguhin paminsan-minsan, ay patuloy na ipapatupad sa buong County ng Alameda.
2. Inaatas ng Utos na ito na dapat isuot ang mga panakip sa mukha sa bibig at ilong – anuman ang katayuan sa pagpapabakuna – sa lahat ng pampublikong lugar kapag nasa loob, mga venue, pagtitipon-tipon, at mga trabaho, kasama ang ngunit hindi limitado sa: mga opisina, tindahan, restaurant at mga bar, sinehan, mga family entertainment center, mga conference at event center, at mga opisina ng Estado at lokal na pamahalaan na naglilingkod sa publiko.
3. Ang mga tao, negosyo, mga venue operator, host, at iba pang mga responsable para sa pagpapatakbo ng mga nasa loob na pampublikong lugar ay dapat:
 - Iatas sa lahat ng customer na magsuot ng mga panakip sa mukha para sa lahat ng indoor setting (nasa loob), anuman ang kanilang katayuan sa pagpapabakuna; at
 - Magpaskil ng kitang-kita at madaling mabasa na paskil sa lahat ng pasukan para sa mga indoor setting (nasa loob) para sabihin sa lahat ng customer ang tungkol sa mga kinakailangan sa pagsusuot ng mask.

Ang mga responsable para sa mga pampublikong lugar na nasa loob ay mahigpit na hinihikayat na magbigay ng mga panakip sa mukha nang walang bayad, sa mga taong kailangang magsuot ng mga ito.

4. **Mga Hindi Kasama.** Ang mga tao ay hindi kailangang magsuot ng mga panakip sa mukha sa mga sumusunod na sitwasyon:
 - Habang mag-isang nagtatrabaho sa isang saradong opisina o silid;
 - Habang kumakain at/o umiinom;
 - Habang nagsu-swimming o naliligo sa isang fitness facility;



- Habang kumukuha ng pangmedikal o pangkosmetikong serbisyo na kinabibilangan ng ulo o mukha kung saan kinakailangang pansamantalang tanggalin ang panakip sa mukha para magawa ang serbisyo.

Dagdag pa rito:

- Ang mga performer sa mga indoor live event tulad ng teatro, opera, symphony, mga panrelihiyong choir, at pampropesyonal na sports ay maaaring magtanggap ng mga mask habang nagpe-perform o nagsasanay, bagaman ang mga nasabing tao ay dapat i-maximize ang pisikal na pagdistansya hangga't magagawa;
 - Ang mga kalahok sa mga nasa loob (indoor) na panrelihiyong pagtitipon ay maaaring matanggal ng mga mask kapag kinakailangan para lumahok sa mga panrelihiyong seremonya;
 - Ang mga kalahok sa mga nasa loob (indoor) na recreational sports, mga gym, at mga yoga studio ay hindi maaaring magtanggap ng kanilang mask maliban kapag aktibong kasali sa sports na pantubig (hal. pagsu-swimming, nag-aaral lumangoy, nagmamaneho, water polo) at iba pang sports kung saan ang mga mask ay gagawa ng napipintong panganib sa kalusugan (hal. wrestling, judo);
 - Sa paaralan, mga estudyanteng may mga pangmedikal o kaugnay sa pag-uugalin na mga exemption;
 - Ang mga taong mas bata sa dalawang taon ay hindi dapat magsuot ng mask dahil sa panganib na hindi makahinga (suffocation);
 - Mga taong may medikal na kondisyon, kondisyon sa pag-iisip, o kapansanan na pumipigil sa pagsusuot ng mask. Kasama rito ang mga taong may medikal na kondisyon kung saan ang pagsusuot ng mask ay posibleng makahadlang sa paghinga o mga walang malay, may kapansan, o kaya ay hindi makakapagtanggap ng mask nang walang tulong;
 - Mga taong may mahinang pandinig, o nakikipag-usap sa taong may mahinang pandinig, kapag ang kakayahang makita ang bibig ay mahalaga para sa pakikipag-usap;
 - Mga tao na ang pagsusuot ng mask ay maaaring gumawa ng panganib sa tao kaugnay sa kanyang trabaho, gaya ng tinukoy ng mga alituntuning pangkaligtasan ng lokal, pang-estado, o mga pampederal na tagakontrol o ng trabaho.
5. Mga nasa loob at hindi pampublikong lugar. Mahigpit na inirerekomenda ng Opisyal sa Kalusugan sa mga taong nakumpleto ang mga bakuna, pati rin ang mga hindi nabakunahan at hindi nakumpleto ang mga bakuna na magsuot ng mga mask kapag nasa loob ng hindi pampublikong lugar kapag kasama ng mga tao na mula sa maraming sambayanan o mas mataas ang panganib na mahawaan ng malubhang COVID-19.

Magpapatuloy ang Opisyal sa Kalusugan na subaybayan ang maraming mahalagang palatandaan para mabigyan ng impormasyon ang desisyon kung babaguhin ang mga



paghihigpit sa Utos na ito. Magpapatuloy ang Opisyal sa Kalusugan na suriin kung naaangkop ang mga pagbabago sa Utos batay sa (1) pag-usad sa paglaban sa pagkalat ng COVID-19 sa County; (2) mga pagpapahusay sa mga paraan at estratehiya para sa pagpigil at paggamot ng COVID-19; at (3) siyentipikong pag-unawa ng pagbabago ng transmisyon at epekto ng COVID-19 sa pasyente.

6. Inilabas ang Utos na ito nang ayon sa, at isinasama bilang sanggunian ang Pagpapahayag ng Pagiging Nasa Emerhensiyang Kalagayan (State of Emergency) na inilabas ng Gobernador na si Gavin Newsom noong Marso 4, 2020, ang Mga Pagdedeklara ng Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan na inilabas ng Opisyal sa Kalusugan noong Marso 1 at 5, at ang Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Alameda noong Marso 10, 2020 na Nagpapatibay sa Mga Pagdedeklara ng Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan, at ang Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor noong Marso 17, 2020 na Nagpapatibay sa Mga Pagdedeklara ng Lokal na Emerhensiya.
7. Inilabas din ang Utos na ito dahil sa Utos ng Opisyal sa Kalusugan ng Publiko ng Estado noong Marso 19, 2020 at mga kasunod na utos at patnubay na inilabas ng Gobernador, ang Opisyal sa Kalusugan ng Estado, at ang California Department of Public Health at Department of Industrial Relations, kabilang ang ngunit walang limitasyon sa Patnubay ng CDPH noong Hunyo 28, 2021 para sa Paggamit ng Mga Panakip sa Mukha. Ang Opisyal sa Kalusugan ay maaaring gumamit ng mas mahigpit na mga paghihigpit at kinakailangan sa pagtugon sa mga partikular na katotohanan at mga pangyayari sa County na ito, na kinakailangan para makontrol ang emerhensiya sa kalusugan ng publiko habang nagbabago ito sa County at sa rehiyon. Kung magkasalungat ang Utos ng Opisyal sa Kalusugan ng County at ng alinman sa utos ng estado sa kalusugan ng publiko na may kaugnayan sa pandemyang COVID-19, gagamitin ang pinakamahigpit na probisyon.
8. Ang hindi pagsunod sa alinman sa mga probisyon ng Utos na ito ay magdudulot ng isang napipintong panganib at kagyat na panganib sa kalusugan ng publiko, magdudulot ng panganib sa publiko, at maaaring maparusahan ng multa, pagkakabilanggo, o pareho.
9. Magsisimulang ipatupad ang Utos na ito nang 12:01 a.m. sa Agosto 3, 2021, at magpapatuloy itong ipatupad hanggang sa ipawalang-saysay, palitan, o baguhin ito sa pamamagitan ng pagsulat ng Opisyal sa Kalusugan.
10. Ang mga kopya ng Utos na ito ay dapat agad na: (1) gawing available sa County Administration Building at 1221 Oak Street, Oakland, California 94612; (2) ilagay sa website ng County Public Health Department (<https://covid-19.acgov.org/index.page>); at (3) ibigay sa sinumang miyembro ng publiko na humihingi ng kopya ng Utos na ito.



11. Kung ang alinman sa probisyon ng Utos na ito o ang paggamit nito sa sinumang tao o anumang pangyayari ay ipawawalang-saysay, ang natitirang bahagi ng Utos, kabilang ang paggamit ng nasabing bahagi o probisyon sa iba pang tao o mga pangyayari, ay hindi maaapektuhan at magpapatuloy itong ipatupad. Dahil dito, ang mga probisyon ng Utos na ito ay maaaring paghiwalayin.

IPINAG-UUTOS ITO NI:

A handwritten signature in black ink, appearing to be "N. Moss", written over a light gray circular stamp.

Nicholas J. Moss, MD, MPH

Opisyal sa Kalusugan ng County ng
Alameda

Agosto 2, 2021

Petsa